**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**TANGGAPAN NG PANGULO**
**KOMISYON SA LALONG MATAAS NA EDUKASYON**

**Mga Panimula sa BÚHAY AT MGA AKDA NI RIZAL**

Pamagat ng Kurso : **Ang Búhay at mga Akda ni Rizal**

Bílang ng Yunit : 3 yunit

Deskripsiyon ng Kurso:

Sang-ayon sa ipinag-uutos ng Batas Republika 1425, sákop ng kursong ito ang búhay at mga akda ng pambansang bayani ng bansa, si Jose Rizal. Ilan sa mga paksang sákop ay ang talambuhay ni Rizal at kaniyang mga isinulat, lalo na ang mga nobela niyang *Noli me tangere* at *El filibusterismo*, ilang mga sanaysay, at iba‟t ibang liham.

**Inaasahang Matututuhan**

Sa pagtatapos ng kurso, magagawa ng mga mag-aaral na:

1. Matalakay ang búhay ni Jose Rizal sa konteksto ng Filipinas sa ika-19 dantaon
2. Masuri ang iba‟t ibang akda ni Rizal, lalo na ang mga nobela niyang *Noli me tangere* at *El filibusterismo*
3. Maorganisa ang mga idea ni Rizal sa iba‟t ibang paksa
4. Maipakita ang isang mapanuring pagbása sa mga pangunahing batis
5. Magkaroon ng interpretasyon sa mga halagahang maaaring magmula sa pag-aaral sa búhay at mga akda ni Rizal
6. Makapagpamalas ng pagpapahalaga sa edukasyon at pagmamahal sa bansa

Bílang ng Oras: **3 oras bawat linggo sa loob ng 18 linggo o 54 oras sa isang semestre**

**Balangkas ng Kurso**

1. Introduksiyon sa kurso: Republic Act 1425

2. Filipinas sa Ika-19 dantaon sa konteksto ni Rizal
3. Búhay ni Rizal: Pamilya, Kabataan, at Panimulang Edukasyon
4. Búhay ni Rizal: Mataas na Edukasyon at Búhay sa Ibang Bansa
5. Búhay ni Rizal: Pagkadestiyero, Paglilitis, at Pagkamatay
6. Anotasyon ng *Sucesos de las islas Filipinas* ni Antonio Morga
7. *Noli me tangere*
8. *El filibusterismo*
9. Ang Filipinas: Pagkaraan ng Dantaon (Iba pang posibleng paksa: Liham sa Kababaihan ng Malolos / Ang Katamaran ng mga Filipino)
10. Si Jose Rizal at ang Nasyonalismong Filipino—*Bayani at Kabayanihan*
11. Si Jose Rizal at ang Nasyonalismong Filipino—Pambansang sagisag

**ANG BÚHAY AT MGA AKDA NI RIZAL Planong Aralín**

| Inaasahang Matutuhan | Mga Paksa | Metodolohiya | Mga Sanggunian | Pagtatása |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Maipaliwanag ang kasaysayan ng Batas Rizal ang mahahalagang probisyon nito<br><br>Kritikal na matása ang pagiging epektibo ng Kursong Rizal | Introduksiyon sa kurso<br><br>Republic Act 1425 | Lektura: saligang pangkasaysayan at konteksto ng RA 1425; Bakit dapat pag-aralan ang búhay at mga akda ni Rizal?<br><br>Gawaing Pangklase 1: Basahin ang "Batas Rizal" (RA 1425)<br><br>Gawaing Pangklase 2:<br>Mag-isip-Magpangkat-Magbahagi: Ang pambungad na tanong ay ipapaskil ng guro: Mag-isip ng pinakahulíng nobela/kuwento na nabása mo. Ano ang natutuhan mo mula sa kuwento? Gamitin ang karanasang ito sa mga akda ni Rizal. Paanong nakapagdudulot ng patriyotismo ang pagbabasá ng mga nobela ni Rizal? Mag-isang magnilay at pagkaraa"y magtalakay bílang pangkat. Iharap sa klase ang resulta ng pangkatang talakayan. | Teksto ng RA 1425<br>http://www.gov.ph/1956/06/12/republic-act-no-1425/<br><br>Constantino, Renato. *The Making of a Filipino: A Story of Philippine Colonial Politics*. QC: R. Constantino, 1982, pp. 244-247.<br><br>Jose B. Laurel Jr. "The Trials of the Rizal Bill," *Historical Bulletin.* Vol. 4, No. 2 (1960): 130-139.<br><br>Schumacher, John. "The Rizal Biil of 1956: Horacio de la Costa and the Bishops," *Philippine Studies*, 59 No. 4 (2011): 529-553.<br><br>Caroline S. Hau, "Introduksiyon" nása *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 19461980*: Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2000. Pp. 1-14. | Pagsasanay sa pagsulat: Ipaghambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pananaw ng mga sang-ayon o salungat sa RA 1425, nang may pagsasaalangalang sa konteksto noong panahon ng 1950. Umiiral pa rin ba ang parehong argumento sa ngayon?<br><br>O<br><br>Pagmunihan ang iyong edukasyong sekundaryo: Sumunod ba ang iyong paaralan sa RA 1425? Gaano kaepektibo ang batas Rizal sa pagkikintal sa patriyotismo sa mga mag-aaral sa sekundayong edukasyon. |
| Matáya ang | Ang Filipinas sa | Lektura: Buod ng kolonisasyong Español sa | Nelson, Gloria Luz. "Mga Pananaw Hinggil sa | Maikling |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| kaugnayan ng isang indibidwal sa kaniyang lipunan<br><br>Masuri ang iba‟t ibang panlipunan, pampolitika, pangekonomiya, at pangkulturang pagbabago na naganap noong ika-19 dantaon<br><br>Maunawaan si Jose Rizal sa konteksto ng kaniyang panahon | ika-19 dantaon sa konteksto ni Rizal:<br>• Pang-ekonomiya: sa pagtatapos ng Kalakalang Galeón, pagbubukás ng Suez Canal, pagbubukás ng mga daungan sa pandaigdigan g kalakalan, paglakas ng ekonomiya ng pagluluwas ng mga ani at mga monopolyo<br>• Panlipunan: edukasyon, | Filipinas bílang saligan<br><br>Lektura: Ang ika-19 dantaon bílang dantaon ng pagbabago<br><br>Gawaing Pangklase: Panonood ng pelikulang "Ganito Kami Noon, Paano Kayo Ngayon?" | Ugnayan ng Talambuhay at Lipunan," násа Diestro, D. et. al. *Si Heneral Paciano Rizl sa Kasaysayang Pilipino*. Los Baños: UPLB Sentro ng Wikang Filipino, 2006.<br><br>C. Wright Mills. "The Promise," *The Sociological Imagination*. Oxford: Oxford University Press, 1959.<br><br>http://legacy.lclark.edu/~goldman/socimagination.html<br><br>P. Sztompka. "Great Individuals as Agencies of Change" nása *The Sociology of Social Change*. Wiley, 1993.<br><br>John Schumacher. "Rizal in the Context of the 19th Century Philippines" nása *The Making of a Nation: Essays of Nineteenth-Century Filipino Nationalism.* Lungsod Quezon: AdMU Press, 1991.<br><br>Pelikula: "Ganito Kami Noon, Paano Kayo Ngayon?"  sa direksiyon ni Eddie Romero (1976) | Pagsusulit: Graphic organizer / talahanayan na nagmamapa ng mga pagbabago sa ika-19 dantaon ng Filipinas, pagsasakategorya ng mga pagbabagong panlipunan, pampolitika, pangekonomiya, pangkultura<br><br>Repleksiyong papel tungkol sa pelikula<br><br>Gabay na Katanungan:<br> Mailarawan ang ika-19 dantaon ng Filipinas na |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagdami ng mga mestisong Chino, pagdami ng mga ingkilino<br> Pampolitika: Liberalismo, paglakas ng mga repormang Bourbon, konstitusyong Cadiz<br><br>Dagdag na paksa: Pagtingin sa búhay ng isang indibidwal sa isang lipunan at lipunan sa búhay ng isang indibidwal | | | ipinakita sa pelikula<br>• Batay sa iyong pagbabasá at talakayan sa klase, ano ang masasabi mo sa panahon ng ika19 dantaong ipinakikíta sa pelikula<br>• Ano ang pangunahing tanong na nais masagot ng pelikula? Ano ang sarili mong repleksiyon sa iyong napanood at ang iyong pagunawa? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Masuri ang pamilya, kabataan, at panimulang edukasyon ni Rizal<br><br>Magkaroon ng ebalwasyon sa mga tao at | Búhay ni Rizal: Pamilya, Kabataan, at Panimulang Edukasyon | Lektura: Pamilya, Kabataan, at Panimulang Edukasyon ni Rizal<br><br>Gawaing Pangklase 1: Basahin ang “Memoirs of a Student in Manila,” Kabanata 1<br><br>Gawaing Pangklase 2: Lumikha ng timeline ng yugto ng kabataan at panimulang edukasyon ni Rizal | Coates, Austin. *Rizal: Filipino Nationalist and Martyr*. Hong Kong: Oxford University Press. Lungsod Quezon: Malaya Books, 1969; o salin sa Filipino ni Nilo Ocampo. *Rizal: Makabayan at Martir*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2007.<br><br>Rizal, Jose. “Memoirs of a Student in Manila,” Seksiyong Apendiks ng *Jose Rizal: Life, Works and Writings* ni Gregorio Zaide. | Gagawa ang mga mag-aaral ng kanilang maikling sanaysay ng talambuhay at ihahambing ito sa pinagdaanan ni Rizal sa kaniyang kabataan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pangyayaring naging impluwensiya sa búhay ni Rizal noong siya‟y batà pa | | | | |
| Maipaliwanag ang simulain ng asimilasyon na initaguyod ng Kilusang Propaganda<br><br>Matáya ang kaugnayan ni Rizal sa iba pang Propagandista<br><br>Masuri ang pagunlad ni Rizal bílang Propagandista at pagtatakwil sa asimilasyon | Búhay ni Rizal: Mataas na Edukasyon at Búhay sa Ibang Bansa | Lektura: edukasyon ni Rizal sa Ateneo Municipal at sa Unibersidad ng Santo Tomas; búhay ni Rizal sa ibang bansa<br><br>Gawaing Pangklase 1: Basahin ang talumpating pambrindis ni Rizal.<br><br>Gawaing Pangklase 2: Basahin ang pinakaunang isyu ng *La Solidaridad* at suriin ang nakasaad doong layunin; sagutan ang worksheet ng pagsusuri sa nakasulat na dokumento | Schumacher, John. *The Propaganda Movement, 1880-1885: The Creation of a Filipino Consciousness, The Making of a Revolution.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1997. | Worksheet ng pagsusuri sa nakasulat na dokumento |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Masuri ang mga dahilan ng pagkakabitay kay Rizal<br><br>Masuri ang mga epekto ng pagkakabitay kay Rizal sa pamahalaan ng Espanyol at ang Rebolusyong Filipino | Búhay ni Rizal: Pagkadestiyero, Paglilitis, at Pagkamatay | Lektura: Mga hulíng taon ni Rizal, kasáma ang kaniyang pagkakadestiyero, paglilitis, at pagkamatay<br><br>Gawaing Pangklase 1: Basahin ang Konstitusyon ng La Liga Filipina at sagutan ang talahanayan (graphic organizer) na naglalamán ng layunin ng La Liga Filipina sa isang hanay at ang mga halimbawa kung paano matutupad ang mga layuning ito sa sumunod na hanay.<br><br>Gawaing Pangklase 2: Basahin ang mga huling liham ni Rizal sa kaniyang pamilya at kay Blumentritt<br><br>Gawaing Pangklase 3: Basahin ang liham ni Teodora Alonzo kat Gobernador Heneral Polavieja at sumulat ng isang katulad na liham na naghihimok na iligtas si Rizal sa pagkakabitay<br><br>Panonood ng pelikula:<br><br>Opsiyon 1: Jose Rizal, GMA Films, sa direksiyon ni Marilou Diaz-Abaya<br><br>Opsiyon 2: Rizal sa Dapitan, sa direksiyon ni Tikoy Aguiluz | Coates, Austin. *Rizal: Filipino Nationalist and Martyr*. Hong Kong: Oxford University Press, Lungsod Quezon: Malaya Books, 1969.<br><br>Ileto, Reynaldo. "Rizal and the Underside of Philippine History" násа *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse and Historiography.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1998, pp. 29-78.<br><br>Petisyon ni Teodora Alonzo kay Camilo Polavieja, Manila, 28 Disyembre 1896. | Graphic organizer para sa gawain para sa La Liga Filipina<br><br>Repleksiyong papel tungkol sa pelikula<br>Gabay na katanungan:<br>• Ilarawan ang búhay ni Jose Rizal batay sa ipinakíta sa pelikula<br>• Batay sa inyong pagbása at mga talakayan, ano ang masasabi mo tungkol sa pagkatawan kay Jose Rizal sa pelikula?<br>• Ano ang pangunahing tanong na nais mabigyan ng sagot sa pelikula?<br>• Ano ang sarili mong repleksiyon batay sa pelikula at sariling pagunawa? |

| Unang Mahabang Pagsusulit | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Masuri ang mga idea ni Rizal hinggil sa muling pagsulat sa kasaysayan ng Filipinas<br><br>Mahambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pananaw ni Rizal at Morga tungkol sa Filipino at kulturang Filipino | Anotasyon ng *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio Morga | Lektura sa pananaw ni Rizal hinggil sa kasaysayan at historyograpiyang Filipino<br><br>Gawaing Pangklase 1: Basahin ang introduksiyon at hulíng kabanata ng Anotasyon ni Rizal sa *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio Morga<br><br>Gawaing Pangklase 2: Basahin ang "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History" ni Zeus Salazar<br><br>Gawaing Pangklase 3: Gumawa ng talahanayan na naghahambing ng pagkakatulad at pagkakaiba ng pananaw ni Rizal at Morga sa kultura | Blumentritt, Ferdinand. Prologo sa kopya ng anotasyon ni Rizal sa *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio Morga (Manila: National Centennial Commission, 1962)<br><br>Ocampo, Ambeth. "Rizal‟s Morga and views of Philippine History" nása *Philippine Studies* Vol 46. Blg. 2 (1998).<br><br>http://www.philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/viewFile/662/663<br><br>Salazar, Zeus. "A Legacy of the Propaganda: The Tripatite View of Philippine History" nása Atoy Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, mga ed. *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw.* Lungsod Quezon: C&E Publishing, 2007. http://www.bagongkasaysayan.org/downloadable/zeus_005.pdf<br><br>Rizal, Jose. *Historical events of the Philippines Islands by Dr. Antonio de Morga, published in Mexico in 1609, recently brought to light and annotated by Jose Rizal, preceded by a prologue by. Dr. Ferdinand Blumentritt.* Manila: Jose Rizal National Centennial Commission, 1962) | Pangkatang talakayan at presentasyong pasalita hinggil sa historyograpiya ni Rizal |
| Matáya ang mahahalagang karakter sa nobela at ang | *Noli me tangere* | Lektura hinggil sa paglalarawan ni Rizal sa kalagayan at mga problema sa lipunang Filipino noong ika-19 dantaon sa pamamagitan ng *Noli me tangere* | Constantino, Renato. "Our task: to make Rizal obsolete" nása *This Week, Manila Chronicle* (14 Hunyo 1959) | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| kinakatawan nila<br><br>Masuri ang | | Gawaing Pangklase 1: Magtanghal ng isang iskit na nagpapakita ng isang paksang | Daroy, Petronilo. *Rizal contrary essays*. Lungsod Quezon: Guro Books, 1968. | |
| kasalukuyang kalagayan ng Filipinas sa pamamagitan ng mga halimbawang nabanggit sa *Noli* | | inilarawan sa *Noli* (ilang halimbawa: paghahambing sa kababaihan noong ika-19 dantaon at sa kasalukuyan; pagbabago sa lipunan; kolonisasyon; mga ministro ng simbahan; pagkakahati-hati sa lipunan; patriyotismo; repormang panlipunan)<br><br>Gawaing Pangklase 2: Gumawa ng isang sanaysay na naglalayong masagot ang sumusunod na tanong:<br>(a) Ano ang kalayaan? (b) Paano ipinakita sa nobela ang kawalan ng kalayaan? (c) Paanong naiba ang kalagayan sa nobela sa kasalukuyan?<br><br>Gawaing Pangklase 3: Hatiin ang klase sa tatlong pangkat at pagguhitin sila ng isang talaan ng lahi ni Crisostomo Ibarra sa pamamagitan ng isang punongkahoy. Bawat pangkat ay may presentasyon at pagtalakay: (1) Ano-ano ang mga pagbabagong naganap mula sa unang henerasyon tungo sa mga sumunod? (2) Ano ang sinasabi ng mga pagbabagong ito sa mga Creole sa Filipinas?<br><br>Gawaing Pangklase 4: Magsulat ng isang sanaysay na naglalayong masagot ang sumusunod na tanong: (1) Ano ang mga aspektong kontra-moderno ng kolonyal na lipunan ang inilalarawan sa *Noli me tangere*? (2) Bakit itinuturing ang modernidad bílang | Almario, Virgilio. *Si Rizal: Nobelista.* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2008<br><br>Rizal, Jose. *Noli me tangere.* Salin ni Virgilio S. Almario o Soledad Maximo Locsin.<br><br>Anderson, Benedict. *Why Counting Counts: A Study of Forms of Consciousness and Problems of Language in Noli me tangere and El filibusterismo.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2008<br><br>Caroline S. Hau, “Introduksiyon,” nása *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 19461980.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2000. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | pangunahing problema sa nobela ni Rizal ang modernindad? (bílang gabay, tingnan ang Introduksiyon ni Caroline Hau 2000) | | |
| Makita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga karakter, banghay, at tema ng *Noli* at *El fili*<br><br>Mapahalagahan ang tungkulin ng kabataan sa pag-unlad at kinabukasan ng lipunan | *El filibusterismo* | Lektura hinggil sa saligan ng publikasyong ng *El filibusterismo*<br><br>Lektura hinggil sa pangunahing paksa, banghay, mga tauhan, at mga idea sa nobela<br><br>Gawaing Pangklase 1: Basahin ang dedikasyon sa Gomburza<br><br>Gawaing Pangklase 2: Pangkatang talakayan hinggili sa pagkakaiba ng *Noli at El filibusterismo* | Daroy, Petronilo. *Rizal contrary essays*. Lungsod Quezon: Guro Books, 1968.<br><br>Almario, Virgilio. *Si Rizal: Nobelista*. Lungsod Quezon: UP Press, 2008<br><br>Anderson, Benedict. *Why Counting Counts: A Study of Forms and Consciousness and Problems of Language in Noli Me Tangere and El Filibusterismo.* Lungsoq Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2008<br><br>Reyes, Miguel Paolo. *"El Filibusterismo* and Jose Rizal as „Science Fictionist‟" násа *Humanities Diliman*, Vol. 10. Blg. 2 (2013). http://journals.upd.edu.ph/index.ph/humanitiesdiliman/article/view/4168/3774<br><br>Rizal, Jose. *El filibusterismo*. Salin ni Virgilio S. Almario o ni Soledad Maximo Locsin | Graphic organizer: Paghambingin ang pagkakatulad at pagkakaiba, at ipakíta ang mga nagpatuloy o pagbabago sa mga idea ni Rizal na ipinahayag sa *Noli* at Fili |
| Matáya ang mga akda ni Rizal<br><br>Matáya ang halaga ng pagunawa sa nakaraan<br><br>Makabuo ng mga | Ang Filipinas: Pagkaraan ng Dantaon (Iba pang posibleng paksa: Liham sa Kababaihan ng Malolos / Ang Katamaran ng mga Filipino) | Lektura sa "The Philippines a Century Hence"<br><br>Gawaing Pangklase 1: Pangkatang talakayan hinggil sa sanaysay at mga argumentong kaniyang inilahad | Rizal, Jose. "The Philippines, a century hence," mababása sa http://www.archive.org/stream/philippinescentu00riza/philippinescenu00riza_djvu.txt | Pagsulat ng sanaysay: sumulat ng tugon kay Jose Rizal bílang mga mag-aaral na nabúhay makaraan ang isang dantaon ng panahon ni Rizal. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| argumento batay sa mga patunay | | | | Alternatibo: Magbigay ng talumpati na magsisilbing tugon kay Rizal |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Makapagbigay ng interpretasyon sa pananaw at opinyon tungkol sa "bayani" at "kabayanihan" sa konteksto ng kasaysayan at lipunang Filipino<br><br>Matása ang mga konsepto ng "bayani" at "kabayanihan" sa konteksto ng lipunang Filipino | Si Jose Rizal at Nasyonalismong Filipino— Bayani at Kabayanihan | Lektura/Talakayan hinggil sa nagbabagong mga anyo at kahulugan ng "bayani" at "kabayanihan" mula panahong prekolonyal hanggang kasalukuyan<br><br>Gawaing Pangklase 1: Magbasá ng pilìng mga Epikong Filipino<br><br>Gawaing Pangklase 2: Basahin ang "Ang Pinagmulan ng Salitang Bayani" ni Ricardo Nolasco (2001)<br><br>Gawaing Pangklase 3: Pipili ang bawat pangkat ng kanilang sariling "bayani" batay sa kanilang batayan at ilalahad ito sa klase | Eugenio, Damiana. *Philippine Folk Literature: The Epics*. Lungsod Quezon: UP Press, 2001.<br><br>Revel, Nicole. Ed. *Literature of Voice: Epics in the Philippines*. Lungsod Quezon: AdMU Press, 2005.<br><br>Nolasco, Ricardo Ma. D. "Pinagmulan ng Salitang Bayani," sa *Diliman Review*, Vol. 45, Blg. 2-3, 1997, pp. 14-18.<br><br>Salazar, Zeus A. "Ang Bayani Bílang Sakripisyo: Pagaanyo ng Pagkabayani sa Agos ng Kasaysayang Pilipino" nása *Kalamidad, Rebolusyon, Kabayanihan: Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon.* Lungsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas, 1996.<br><br>De Ocampo, Esteban. "Who Made Rizal Our Foremost National Hero, and Why?" nása Gregorio Zaide, Ed. *Jose Rizal: Life, Works and Writings of a Genius, Writer, Scientist and National Hero*. 1984 | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Masuri ang halagahang nangibabaw sa iba‟t ibang representasyon ni Rizal bílang isang pambansang sagisag<br><br>Maitaguyod ang halagahang nagsisilbing magandang halimbawa sa búhay ni Rizal | Si Jose Rizal at Nasyonalismong Filipino—Pambansang Sagisag | Lektura: Pamantayan ng pagiging pambansang bayani batay sa tinuloy ng National Heroes Committee na nilikha ng Executive Order No. 75, 1993.<br><br>Gawaing Pangklase 1: lumikha ng isang klaster dayagram na nagpapakíta ng pinakamahahalagang bahagi ng búhay ni Rizal.<br><br>Opsiyonal: Lakbay-aral (mga maaaring puntahan: Dambanag Rizal, Calamba; Fort Santiago; Dambanag Dapitan) | Joaquin, Nick. *A Question of Heroes.* Pasig: Anvil Publishing, 2005. (Ilang kabanata ukol kay Rizal, Bonifacio, at Aguinaldo)<br><br>Lahiro, Smitha. "Writer, hero, myth, and spirit: the changing image of Jose Rizal," mga papel ng Cornell University hinggil sa Timog-Silangang Asia. http://seasite.niu.edu/Tagalog/Modules/Modules/PhilippineReligions/article_rizal.htm | Magtanghal ng isang eksibit ng mga retrato ng ibaibang monumento ni Rizal sa Filipinas at sa ibang bansa. Magsulat ng maiikling deskripsiyon tungkol sa saligan at interpretasyon hinggil sa larawan at mga representasyon nito.<br><br>Pagsulat ng sanaysay o talumpati tungkol sa isang partikular na halagahang itinaguyod ni Rizal<br><br>Pagpili ng mga mag-aaral ng isang pangunahing isyu (hal. kabayanihan at pananaw hinggil sa sakripisyo, panitikan, at pambansang kamalayan; etika at konsepto natin ng pagiging pinunò; etnisidad, at identidad bílang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | kasapi ng isang nasyon) na tatalakayin sa isang pangkalahatang proyekto na magsasama-sama sa lahat ng idea na itatalaga ng guro (hal. isang pahayagan, poryektong audiovisual; isang komposisyong may liriks at musika; o isang painting/ mural.) |
| **Ikalawang Mahabang Pagsusulit** | | | | |

**ANG BÚHAY AT MGA AKDA NI RIZAL Mapa ng Kurso**

| MGA INAASAHANG MATUTUHAN SA G.E. | Ang Búhay at mga Akda ni Rizal |
|---|---|
| **A. Kahusayang Intelektuwal (Kaalaman)** | |
| 1. Kritikal na masuri ang “mga teksto” (nakasulat, biswal, pasalita, atbp.) | NP |
| 2. Makapagpamalas ng mahusay at mabisang pakikipagkomunikasyon (sa pagsulat, pagsasalita, at paggamit ng makabagong teknolohiya) | NP |

| | |
|---|---|
| 3. Paggamit ng batayang mga konsepto sa iba‟t ibang dominyo ng kaalaman | PM |
| 4. Makapagpamalas ng mapanuri, analitiko, at malikhaing pag-iisip | NT |
| 5. Makagamit ng iba‟t ibang analitikong paraan ng paglutas sa problema | NP |
| | |
| **B. Pananagutan sa Sarili at sa Bayan (Halagahan)** | |
| 1. Maláman ang kompleksidad ng kalagayan ng sangkatauhan | PM |
| 2. Magkaroon ng interpretasyon ng karanasan ng tao mula sa iba‟t ibang perspektiba | NT |
| 3. Masuri ang kontemporaneong panahon sa perspektiba ng mga Filipino o sa labas ng bansa | PM |
| 4. Magkaroon ng tungkuling alamin ang pagiging tunay na Filipino at isabúhay ito | NT |
| 5. Kritikal na pagmunian ang karaniwang mga problema | NT |
| 6. Makalikha ng makabagong mga pamamaraan at solusyon na ginagabayan ng mga batayang etikal | NT |
| 7. Makapagpasiya batay sa huwarang moral at mahahalaga | NP |
| 8. Mabigyan ng pagpapahalaga ang iba‟t ibang anyo ng sining | PM |
| 9. Maging tagapagtaguyod ng paggálang sa karapatang pantao | NP |
| 10. Personal at makabuluhang makapag-ambag sa pag-unlad ng bansa | NP |
| | |
| **C. Mga Kasanayang Praktikal** | |
| 1. Epektibong makagawa o makaganap bílang isang pangkat | NP |
| 2. Makagamit ng mga kasangkapan gaya ng computer upang epektibong makapagproseso ng impormasyon | PM |
| 3. Makagamit ng makabagong teknolohiya na tutulong o magpapadali sa pag-aaral at pananaliksik | PM |
| 4. Responsableng makasabay sa mundo ng teknolohiya | PM |
| 5. Makalikha ng mga solusyon sa mga problema sa iba‟t ibang larang | NP |
| 6. Magamit ang sariling kaalaman, kasanayan, at halagahan upang magkaroon ng responsable at produktibong pamumuhay | NP |
| 7. Maihanda ang sarili para sa kaalamang panghabang-búhay. | NT |

Leyenda:

**NT** = Natutuhan

**NP** = Napraktis
**PM** = Pagkakataong Matuto

**ANG BÚHAY AT MGA AKDA NI RIZAL Mga Kailangang Babasahín at Iba Pang Materyales**

Coates, Austin. *Rizal: Filipino Nationalist and Martyr.* Hong Kong: Oxford University Press, Lungsod Quezon: Malaya Books, 1969.
Rizal, Jose. *El filibusterismo* (Salin ni Virgilio S. Almario o ni Soledad Lacson-Locsin)
Rizal, Jose. *Noli me tangere* (Salin ni Virgilio S. Almario o ni Soledad Lacson-Locsin)
Rizal, Jose. *Historical Events of the Philippine Islands by Dr. Antonio de Morga, published in Mexico 1609, recently brought to light and annotated by Jose Rizal, preceded by a prologue by Dr. Ferdinand Blumentritt.* Manila: Jose Rizal National Centennial Commission, 1962. Rizal, Jose. "The Philippines a Century Hence" násа *La Solidaridad*

**ANG BÚHAY AT MGA AKDA NI RIZAL Mga Mungkahing Babasahín at Sanggunian**

Almario, Virgilio S. *Si Rizal: Nobelista*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2008.
Anderson, Benedict. *Why Counting Counts: A Study of Forms of Consciousness and Problems of Language in Noli Me Tangere and El Filibusterismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2008.
Chua, Apolonio Bayani at Patricia Melendrez-Cruz. *Himalay ni Rizal.* Manila: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, 1991.
Constantino, Renato. *The Making of a Filipino: a Story of Philippine Colonial Politics.* Lungsod Quezon: R. Constantino, 1982.
Constantino, Renato. "Our Task: to make Rizal obsolete" nása *This Week, Manila Chronicle* (14 Hunyo 1959) Eugenio, Damiana. *Philippine Folk Literature: The Epics*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2001.
Daroy, Petronilo at Dolores Feria. *Contrary Essays*: Lungsod Quezon: Guro Books, 1968.
Diestro, Dwight David, et.al. *Talambuhay at Lipunan: Si Heneral Paciano Rizal sa Kasaysayang Pilipino*. University of the Philippines Los Baños Sentro ng Wikang Filipino, 2006.
Fast, Jonathan at Jim Richardson. *Roots Dependency: Political and Economic Revolution in the 19$^{th}$ Century Philippines.* Lungsod Quezon: Foundation for Nationalist Studies, 1979.
Guerrero, Leon Ma. *The First Filipino: A Biography of Rizal.* Manila: National Heroes Commission, 1963.
Guillermo, Ramon G. "Si Rizal at ang Kanyang Konsepto ng Kabayanihan sa Kanyang Liham sa mga Kababaihan ng Malolos" sa *Diliman Review.* Tomo 45, Blg. 2-3, 1997, pp. 26-29.
Hau, Caroline S. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946-1980.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2000. Ileto, Reynaldo. "Rizal and the Underside of Philippine History" nása *In Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse and Historiography.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1998.
__________________. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila Univeristy Press, 1979.
Joaquin, Nick. *A Question of Heroes.* Lungsod Pasig: Anvil Publishing, 2005.

Lahiri, Smitha. “Writer, hero, myth, and spirit: The changing image of Jose Rizal.” Cornell University papers on Southeast Asia. Laurel,
Jose B. Jr. “The Trials of the Rizal Bill,” *Historical Bulletin.* Tomo 4, Blg. 2, 1960.
Nolasco, Ricardo Ma. D. “Pinagmulan ng Salitang Bayani,” sa *Diliman Review*, Tomo 45, Blg. 2-3, 1997, pp. 14-18. Ocampo,
Ambeth. “Rizal‟s Morga and Views of Philippine History” nása *Philippine Studies*, Tomo 46, Blg. 2, 1998.
____________________. *Rizal Without the Overcoat*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc. 1990.
Quibuyen, Floro C. *A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony and Philippine Nationalism*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1990.
Revel, Nicole. Ed. *Literature of voice: Epics in the Philippines*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2005. Reyes,
Miguel Paolo. “*El filibusterismo* and Jose Rizal as „Science Fictionist‟” nása *Humanities Diliman*, Tomo 10, Blg.2, 2013. Rizal,
Jose. *The Indolence of the Filipinos*
Rizal, Jose. *Letter to the Young Women of Malolos.* Salazar,
Zeus A. *Bayani Bílang Sakripisyo*. 1997
_________________. “A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History,” nása *Kasaysayan at Kamalayan.* Lungsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan. 1998.
_________________. “Si Andres Bonifacio at ang Kabayanigang Pilipino,” nása *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Lungsod Quezon: Palimbagang Kalawakan. 1999.
Schumacher, John. “Rizal in the Context of the 19$^{th}$ Century Philippines,” nása *In the Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1997.
_____________________. *The Propaganda Movement*, *1880-1885: The Creation of a Filipino Consciousness, The Making of a Revolution*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1997.
_____________________. “The Rizal Bill of 1956: Horacio de la Costa and the Bishops,” nása *Philippine Studi*es, Tomo 59, Blg. 4, 2011.
Sztompka, Piot. “Great Individuals as Agencies of Change” nása *The Sociology of Social Change.* United States: Wiley, 1993.
Wickberg, Edgar. *The Chinese in Philippine Life, 1850-1898*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1965.
Yabes, Leopoldo. *Jose Rizal on his Centenary*. Quezon City: University of the Philippines. 1963.
Zaide, Gregorio at Sonia Zaide. *Jose Rizal: Buhay, mga Ginawa at mga Sinulat ng Isang Henyo, Manunulat, Siyentipiko at Pambansang Bayani*. Quezon City: All Nations Publishing Co. Inc., 1997.